

Ano ang kailangan mong malaman

tungkol sa gamot mo para sa latent tuberculosis (TB) na impeksyon

RIFAMPIN

Nabigyan ka ng gamot para gamutin ang iyong latent TB na impeksyon. Wala kang sakit na TB at hindi makakahawa ng TB sa ibang tao. Ang gamot na ito ay para **MAIWASAN** kang magkaroon ng sakit na TB.

Habang nasa gamot na ito:

- Sabihin sa iyong doktor o nurse kung may mga tanong ka o inaalala tungkol sa gamot.
- Pumunta sa mga pagbisita mo sa klinika.
- Talakayin ang anumang paggamit ng alkohol sa doktor o nurse mo. Pinakamainam na hindi uminom ng alkohol habang iniinom ang gamot na ito.
- Sabihin sa doktor o nurse mo ang tungkol sa lahat ng ibang gamot na iniinom mo.
- Siguruhing sabihin sa mga iba mong doktor na ginagamot ka para sa latent na TB na impeksyon.
- Inumin lahat ng gamot mo kung paano ka sinabihan ng iyong doktor or nurse sa TB.
- Para sa ilang mga tao, mas mainam na inumin ang gamot kasama ang pagkain.

Mga payo para matulungan kang inumin ang gamot mo:

- ✓ Tinumin ang gamot mo sa parehong oras bawat araw.
- ✓ Magtakda ang paalalang alarma para sa oras kung kailan mo dapat inumin ang gamot mo.
- ✓ Sabihan ng miyembro ng pamilya o kaibigan na paalalahanan ka.
- ✓ Gumamit ng pillbox.
- ✓ Maglagay ng paalalang tala sa salamin mo o refrigerator.
- ✓ Gumamit ng kalendaryo para tsekan ang araw kung kailan ka iinom ng gamot mo.

Iskedyul ng gamot ng latent na TB na impeksyon:

(Mga provider: Tukuyin ang angkop na bilang ng mga pildoras)

Gamot	Iskedyul	Dami ng pildoras bawat araw	Haba ng oras
Rifampin	Araw-araw		4 na buwan

KUNG MALIMUTAN MONG INUMIN ANG GAMOT MO: Kung parehong araw pa rin, inumin ang dosis sa sandaling maalala mo. Huwag uminom ng 2 dosis nang sabay.

Mga tala

Pangalan ng aking doktor:

Pangalan ng aking klinika:

Numero ng telepono ng klinika ko:

Maaaring ibigay ang dokumentong ito kapag hiniling sa alternatibong anyo para sa mga indibiduwal na may kapansanan o sa wika maliban sa Ingles para sa mga taong may limitadong kahusayan sa Ingles. Para hilingin ang publikasyong ito sa ibang anyo o wika, makipag-ugnay sa TB Control sa 503-358-8516. .



Abangan ang mga posibleng problemang ito:

IHINTO agad ang pag-inom ng gamot mo **AT** tawagan ang iyong doktor o nurse sa TB kung mayroon ka ng alinman sa mga problema sa ibaba:

- Mas kaunting ganang kumain, o walang gana para sa pagkain
- Sirang tiyan o pinupulikat na tiyan
- Pagduruwal o pagsusuka
- Kulay cola na ihi o light na kulay na mga dumi
- Madaling magpasa o magdugo
- Pamamantal o pangangakit
- Naninilaw na balat o mga mata
- Malalang kahinaan o kapaguran
- Lagnat
- Pananakit ng ulo o katawan
- Pagkahilo

TALA: Normal kung ang iyong ihi, laway o luha ay naging kulay orange. Ang mga soft contact lense ay maaaring mamantsahan.

Oregon
Health
Authority

PUBLIC HEALTH DIVISION
Health System Transformation